TAGALOG

فلبيني - (تجالوج)

MGA KATANGIAN NG KAPAHAYAGAN

من خصائص الوحي

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

Sarhaan.com – MahadSunnah.com

Youtube.com/@MahadSunnah

Classified as Public

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang paghahayag ng Qur’an ay sukdulan sa katotohanan sa mga balita nito, sukdulan sa katarungan sa mga hatol nito, sukdulan sa kahusayan at pagiging makapangyarihan sa wika, at sukdulan sa himala na hindi kayang maabot ng isip ng mga tao at jinn, kung kanilang tatangkain na gumawa ng katulad nito. Ang mga batas at mga katuruan nito ay hindi nagkakasalungat at walang pagkakamali.

Sinabi ni Allah, **"Kung ito ay mula sa iba maliban kay Allah, tiyak na makakakita sila ng maraming pagkakamali". [Al-Nisaa: 84]**

Ito din ay kilala sa pagiging kumpleto at saklaw ang lahat; Ang Allah ay nagsabi, **"Wala kaming pinalampas na anumang bagay sa aklat na ito". [Al-An’am: 38]**

At ang Allah ay muling nagsabi, **"Ibinaba namin ang Aklat sa iyo bilang paliwanag para sa lahat ng bagay". [Al-Nahl: 89]**

At ang aklat na ito'y mapapangalagaan mula sa pagbabago o pagpapalit, ang Allah ay nagsabi, **"Tiyak na Kami ang nagbaba ng paalaala, at tiyak na Kami ang mangangalaga nito". [Al-Hijr: 9]**

والله تعالى أعلم...